

## Tungkol sa amin

Ang Mga Taong may Kapansanan Australya (People with Disability Australia - PWDA) ay isang pambansang organisasyon na kumakatawan at tagapagtaguyod ng karapatan ng mga may-kapansanan, at ito ay binubuo, pinamumunuan at pinamamahalaan ng mga taong may kapansanan.

## Paano kami nagtatrabaho

- Kami ay magbibigay sa iyo ng impormasyon at payo upang tulungan kang malutas ang iyong problema.
- Kung mayroon nang tumutulong sa iyo, susuportahan namin siya upang maging iyong tagapagtaguyod (advocate).
- Kung kailangan mo ng higit pang tulong, susuriin namin ang iyong problema at titingnan namin kung ikaw ay maipagtataguyod namin.
- Makikipag-usap kami sa ibang mga tao tungkol sa iyong problema at susubukan naming humanap ng paraan upang malutas ito. Maaring kabilang dito:
  - ang pagpunta sa mga pulong na kasama ka o sa ngalan mo.
  - pagsulat ng mga liham;
  - pagtawag sa telepono.
- Matutulungan ka naming ayusin ang iyong problema. Kapag naayos na ang iyong problema, saka namin isasara ang iyong file. Kung magkaroon ng iba pang problema, maaari mong hingin muli ang aming tulong.

## Mga mahahalagang bagay na dapat mong malaman

- Hindi kami gagawa ng anumang bagay para sa iyo, na hindi muna nagtatanong sa iyo.
- Itatabi namin na pribado at kompidensyal ang personal na impormasyon tungkol sa iyo. Ibabahagi lamang namin ang iyong personal na impormasyon sa mga tao na kailangan itong malaman. Tatanungin ka muna namin kung ito ay OK sa iyo.
- Hindi kami susuko hangga't hindi nalulutas ang iyong problema, maliban na lamang kung wala na kaming magagawa pa upang malutas ito.

## Kontakin kami

Maaari mo kaming kontakin sa pamamagitan ng telepono mula Lunes hanggang Biyernes, mula sa ika-9 ng umaga hanggang ika-5 ng hapon, at umaabot nang hanggang ika-7 ng gabi kapag Miyerkules.

**Telepono:** 1800 843 929

**Email:** [info@wayfinderhub.com.au](mailto:info@wayfinderhub.com.au)



# SERBISYONG PAGTATAGUYOD NA PANG-INDIBIDWAL

**Kailangan mo ba ng tulong upang lutasin ang isang problema?**

**Baka makatulong kami!**

Tinutulungan namin ang mga taong may kapansanan na ayusin ang mga problema gaya ng:

- may taong nang-aabuso sa iyo,
- may taong nagdidiskrimina sa iyo na labag sa batas,
- hindi ka tumatanggap ng mahusay na serbisyo,
- hindi mo makuha ang serbisyong kailangan mo,
- isang malaking pagbabago sa iyong buhay.

## **Paano kami makakatulong?**

Matutulungan namin kayo sa:

- **impormasyon**- magsasabi sa iyo ng tungkol sa iyong mga karapatan at kung saan ka makakakuha ng tulong;
- **pagtuturo**- makikipag-usap sa iyo tungkol sa mga paraan kung paano na ikaw mismo ang makakalutas sa iyong problema;
- **pagtataguyod**- makikipagtulungan sa iyo upang malutas ang iyong problema.

**LIBRE ANG AMING SERBISYO!**

## **Sino ang maaaring gumamit ng aming serbisyo?**

Sinumang may kapansanan na nakatira sa sumusunod na mga lugar ay maaaring gumamit ng aming serbisyo.

- nakatira saanman sa NSW na may mga Tagapagtaguyod na nakatalaga sa central Sydney;
- nakatira sa tatlong rehiyon sa NSW na may mga Tagapagtaguyod na nakatalaga sa lugar ng Queanbeyan, Sutherland at sa Southern Tablelands at Southern Highlands;
- nakatira sa limang rehiyon sa Queensland na may mga Tagapagtaguyod na nakatalaga sa lugar ng Logan, Fraser Coast, Sunshine Coast, Bundaberg, Mount Isa at mga Komunidad ng Lower Gulf.

Ang mga miyembro ng pamilya, mga tagapagalaga, mga naglilingkod sa may kapansanan at iba pa ay maaari ring humiling sa amin na tulungan ang isang tao na may kapansanan.

**Kahit sino ay maaaring humingi sa amin ng impormasyon at payo.**



## **Ano ang tagapagtaguyod (advocate)?**

Ang tagapagtaguyod ay:

- isang taong nagtataguyod ng iyong mga karapatan,
- isang tao na nasa panig mo.

Ang isang tagapagtaguyod ay maaaring:

- tumulong sa iyo upang ikaw mismo ang lumutas ng iyong problema, o
- ayusin ang problema sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay-bagay para sa iyo

Hindi kami maaaring magbigay ng tulong sa batas. Maaari naming sabihin sa iyo kung saan makakakuha ng ganitong uri ng tulong.

